Sa alin mang kagalakan ay sumasaliw ang munti ó malaking kalungkutan ó sigalot, at ganito nĝa ang sa wakás ay nangyari. Ang "Marikina Club" ay pumalo, na may isang patay (*out*), ano ba't sa isang paghagis nĝ bola'y tinamaan ang pumapalo sa kanang kamay, na sinundan nĝ hiyaw nĝ "Umpire" nĝ PATAY (*out*). Dito na nagkaguló ang lahat pagka't ayaw pumayag ang mĝa taga "Marikina Club" na iyo'y mamatay susog sa kanilang mĝa katwirang di madaig nĝ mĝa taga "Mandaloya Club" ó nĝ Palatuntunan nĝ nasabing laro. Sa huli ang nangyari'y naghiwahiwalay ang lahat nĝ walang nanalo at natalo.

Gayon man, ang mĝa naglakbay ay nagsiuwi nĝ mag-iikalima't kalahati nĝ hapon, taglay sa bawa't kalooban ang sayá at gayon din ang masasarap na kakaning mais, pakwan, singkamas at iba pa na pawang ani sa bayang Marikina.

Dumating sa bayang Mandaluyong na pinangalingan nĝ ikapito na nĝ gabi at dito'y naghiwahiwalay nĝ boong galák at hiyawang ¡MABUHAY ANG PAGLALAKBAY!

PA-SA-BE.

## "*Anak-Pawis*"

—:—

Noong linggong nagdaan, ika 11 nĝ kasalukuyan ang walang pagod na mĝa kaanib nĝ kapisanang ito nĝ mĝa mang-gagawa nĝ sapatos sa Marikina ay nagsipaglakbay sa poók nĝ Nangka, pag-itan nĝ Marikina't San Mateo.

Mag-iika 9 na oras at kalahati'y nagsitulak ang mĝa nagsipaglakbay na nagbuhat sa tapat nĝ pagawaan nĝ Samahan na nanĝakasakay sa mĝa karetela; hindi gagaanong makikisig at mĝa tanĝing binibini't kabataang taga Marikina, Maynila at San Mateo ang mĝa inanyayahang dumaló sa kasayahang yaon. Doo'y namalas ang mĝa bulaklak nĝ Marikina na si na Bb. Felicísima Guevara, Lorenza de la Paz, Pilar Domingo, Flora Josép, Severina Eustaquio, Mercedes del Rosario, Antonia Sta. María, Miguela de la Paz, Patrocinio Villalon, Carmen Perez, Susana Mendoza, Severina Lopez, Juliana Nesina, Natalia Nepomuceno, María de la Paz, Gliceria Eustaquio, Juliana de la Paz, Teodora Nesina, Rosario de la Paz, at ang di kakaunting mĝa nakapanghahalina rin namang mĝa binibini na dinaramdam kong hindi maala-ala ang kanikanilang mĝa panĝalan.

Sa mĝa lalaki'y ang mĝa tanyag na binatang Gg. Augusto P. Villalon, Panĝulong walang himagod nĝ Kapisanang "Anak-Pawis", Manuel Perez, Paulino E. Trinidad, Teófilo H. Reyes, Jeronimo Angeles, Felino Guevara, Ceferino Legaspi, Eulogio Santos, Domingo Zamora, Primo Paz, Juan Coronado, Gregorio José, Isaac Eustaquio, Daniel Santiago at iba't iba pa.

Bukod sa matitimyas na usapan nĝ mĝa binibini't kabaguntauhan ay minsan minsa'y sinasaglitan nĝ maririkit at piling mĝa awitan na sinasaliwan nĝ Orquesta sa Marikina.

Dumating ang oras nĝ pagkakainan; ang lahat ay nagsitunĝo sa libis na kinalalagyán nĝ isang mesang saság na buo na may hugis U na nagkakahulugan sa wikang kastila nĝ *Unión* at kung isatagalog naman ay *Pagkakaisa*. Sa gitna nĝ tinurang mesa ay mayroong isang malaki't mayabong na punong manggá na siyang nagbigay lilim sa mĝa nagsisikain. Sa unang tinĝin, ang nabanggit na punong manggá ay walang na giging kahulugan; datapuat kung pagkurukuruin ay nagkakahulugan ang punong iyon nĝ: *Ang Pagkakaisa nang mga mangagawa nang Zapatos Marikina ay magbubuñga nang magandang adhika.*

Pagkatapos, ang mĝa mahihiligin kay *Terpsicore* ay nagsikuha nĝ kanikanilang kakambal at nag *rigodón*; nĝuni sapagka't kakapusin nĝ panahon kung ipatutuloy ang pagsasayawan, ay minarapat ang itigil. Napagitna si G. Manuel Perez at nagsalita tungkol sa ginawang kasayahan, at isa isa niyang ipinakilalang nagsipagsalita rin sina Gg. Felino Guevara, Domingo Zamora at ang Panĝulo nĝ Samahan na si G. Augusto P. Villalon.

Upang magkaroon nĝ isang ala-ala ang ganoong kasayahan, ang lahat nĝ nagsidalo'y kinunan nĝ *retrato*. Pagkua'y nilisan nĝ lahat ang lugal na di makakatkat sa alaala nĝ madláng nakipagsayá. Ang mĝa babae'y nagsisakay sa mĝa karetela at ang mĝa lalaki'y nagsipaglakad.

Nang magsidating sa loob nĝ nayon nĝ Bayan-bayanan at sa kahilinĝan nĝ karamihan ay nagsibabá sa karetela ang mĝa babae at nagsipaglakad din, sa una'y ang watawat nĝ Kapisanan, mĝa binibini't kaginoohan at tinutugtugan nĝ Orkesta. Sa habang daan ay wala akong naririnig na ipinaghihiyawan nĝ lahat kundi ang *¡mabuhay ang Anak-Pawis! ¡mabuhay ang pagkakaisa nang lahat nang manggagawa!*

Nang na sasaloob na nĝ bayang nĝ Marikina, ang mĝa binibini't binatang nagnanais tumiwalág na sa lakarán kung natatapat sa kanikanilang bahay ay hindi pinahintulutan hanggang di sumapit sa bahay nĝ Samahan. Pag dating dito ang lahat ay hinandugan nĝ matamís at tubig, at pagkapagpahinĝá'y saka pa lamang nakauwi sa kanikanilang bahay ang lahat na taglay ang di malilimot na kasayahang tunay na utang na loob sa mĝa di marunong manghimagod sa pagpapalagó nĝ Samahang "Anak-Pawis" na sina Gg. Augusto P. Villalon, Panĝulo nĝ Kapisanan, Agapito de la Paz, Regino Santos, Esteban Nepomuceno at iba't iba pa.

SINAG-MARIKIT-NA.


# Dr. Sixto de los Angeles

CONSULTORIO Y CLÍNICA

Quiotan, No. 101. Santa Cruz.

*Teléfono 907.*